DEPARTMENT OF EDUCATION
DIVISION OF ZAMBO. DEL NORTE
DIPOLOG CITY
RELEASED
7 NOV 2017

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

Nobiyembre 6, 2017

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mababa at Mataas Na Paaralan
Guro sa Filipino

Mahal na Ginoo/Madam:

Kalakip nito ay Advisory Blg. 275, s.2017 na pinamagatang " IKA-46 PAMBANSANG SEMINAR GAWAING-KAPULUNGAN SA FILIPINO NG PAMBANSANG SAMAHAN NG MGA TAGAMASID AT TAGAPAGTAGUYOD SA FILIPINO" para sa kabatiran at patnubay ng lahat na kinauukulan.

Hinihiling ang madaliang pagpapalaganap ng kalakip ng Advisory na ito..

Sumasainyo,

PEDRO MELCHOR M. NATIVIDAD, CSEE
Tagapamanihala Ng Sangay

Advisory Blg. 275, s. 2017
Oktubre 26, 2017
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

## IKA-46 PAMBANSANG SEMINAR GAWAING-KAPULUNGAN SA FILIPINO NG PAMBANSANG SAMAHAN NG MGA TAGAMASID AT TAGAPAGTAGUYOD SA FILIPINO

Ang Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF) ay magdaraos ng Ika-46 Pambansang Seminar Gawaing-Kapulungan sa Filipino na may temang PASATAF: Tugon sa Progresibong Paglinang ng Kulturang Pang-Edukasyon Tungo sa Proaktibong Pag-unlad ng K to 12 Kurikulum, na gaganapin sa ika-16 hanggang 19 ng Abril 2018 sa Baguio *Teachers Camp*, Lungsod ng Baguio.

Ang layunin ng seminar ay ang mga sumusunod:

1. malinang ang kulturang pang-edukasyon bilang tugon sa progresibong hamon ng panahon na kinakaharap ng kasalukuyang sistema ng edukasyon;
2. magamit sa aktwal na pagtuturo ang mga napapanahong estratehiya sa K to 12 tungo sa may kalidad na edukasyon;
3. maiangat ang sigasig/hikayat sa pagtuturo sa pamamagitan ng proaktibong pagpapapunlad ng K to 12 kurikulum; at
4. makapag-eksibit ng mga saliksik sa Filipino na magsisilbing kasangkapan sa pagpapaunlad ng kurikulum.

Ang inaasahang dadalo ay ang mga kapisanang pangwika sa edukasyon, mga kinatawan na manggagaling sa iba't ibang rehiyon, pambansang pamunuan at lupon ng mga Direktor ng PASATAF, mga kinatawan ng tanggapang sentral ng DepEd, panrehiyon at pansangay na tagamasid sa Filipino, mga guro sa elementarya at sekundarya na pang-estado at pribado, at mga bagong kasapi sa PASATAF, mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika sa edukasyon, mga gurong nagtuturo ng Filipino at mga asignaturang ang wikang panturo ay Filipino, at sinumang may interes sa usaping pangwika, mga iskolar, at dalubwika.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- Elpidia B. Bergado EdD
  Pangulo, Pambansang Samahan ng mga Tagamasid
  at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF)
  Room 35, Unit 3585, MRB Building
  Commonwealth Avenue, Quezon City
  Mobile: 0917-859-0847; 0977-852-7402

- Viola S. Esparagoza
  Kalihim, PASATAF
  Mobile: 0922-207-4102

D-MCR/SMMA A-Ika-46 pambansang Seminar Gawaing-Kapulungan sa Filipino
0797/Oktubre 14, 2017